ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVII Blg. 2
Enero 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Lalong pag-alabin ang poot ng bayan sa rehimeng US-Aquino

Habang lahat ng reaksyunaryong partido at kandidato ay nagpapaganda ng imahe sa mamamayan at todo-larga na ang kampanya sa eleksyong 2016, walang-awat pa rin ang rehimeng Aquino sa mga hakbangin nitong anti-nasyunal at anti-mamamayan.

Noong Enero 12, ibinasura ng Korte Suprema ang mga petisyon ng ilang makabayang personahe at organisasyon laban sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ang EDCA ay kasunduan sa gubyernong US na pinasok ng rehimeng Aquino noong 2014 na magbibigay ng karapatan sa militar ng US na magtatag ng mga base at pasilidad militar nito sa mga lugar sa loob ng mga kampo at pasilidad militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Ang desisyong ito ng Korte Suprema ay matagal nang niluluto ng mga upisyal ng rehimeng Aquino at ng gubyernong US. Noong araw ding iyon, nasa Washington na sina Sec. Voltaire Gazmin ng Department of National Defense at Sec. Albert del Rosario ng Department of Foreign Affairs, dalawa sa pinakamakasugid na tutang upisyal ng rehimeng Aquino. Itinakda ang kanilang pakikipag-usap sa mga upisyal ng gubyernong US para talakayin ang "implementing rules" o mga detalye sa pagpapatupad ng EDCA.

Noon ding Enero 12, dumaong ang submarinong de nukleyar na USS Topeka sa Subic Bay, isang dating baseng nabal ng US na nais nitong muling gamitin bilang base sa ilalim ng EDCA. Ito ang ikatlong submarinong de nukleyar na dumaong sa Subic sa loob lamang ng ilang araw kasunod ng USS Tucson at USS Texas.

Ipinakikita ng mga pagdaong na ito kung papaanong sa pamamagitan ng EDCA, ang buong Pilipinas ay gagamitin bilang isang malaking baseng militar ng US. Sa ngayon, hindi bababa sa walong kampo ang nakatakda nang gamitin ng US.

Sa araw ding iyon, ibinasura ni Aquino ang panukalang batas na nagbibigay ng karagdagang P2,000 sa buwanang tinatanggap ng mga pensyonado ng Social Security System (SSS). Sa pagbasurang ito, ang matagal nang inaasam-asam na dagdag pensyon ng mga retirado ay ipinagkait ni Aquino.

Ipinakita ni Aquino na tapat siya sa mga neoliberal na patakaran at prinsipyo ng pagkakaltas ng subsidyo sa mga pensyon at serbisyong panlipunan. Binatikos si Aquino na "walang-puso" ng mga pensyonado at iba pang mga sektor.

Ipinamalas niya ang pagkiling sa interes ng mga delingkwenteng kapitalistang di nagreremit ng kontribusyon ng kanilang mga manggagawa sa SSS. Kiling rin si Aquino sa interes ng mga burukratang kapitalista na naglulustay sa pondo ng SSS para sa kanilang luho at pamumuhunan.




Galit na galit

ang taumbayan sa kasalukuyang pinuno ng SSS na nabunyag na ilang-ulit naglalabas-masok ng bansa na sakay sa *first-class* ng mga eroplano. Noong 2014, binigyan ng mga upisyal ng SSS ang kanilang mga sarili ng tig-isang milyong pisong bonus.

Pinatatampok ng pinakahuling mga hakbanging ito ni Aquino—ng anti-nasyunal na pagpapatibay sa EDCA at ng anti-mamamayang pagbabasura sa dagdag pensyon sa SSS—ang esensya ng ipinamamarali niyang "tuwid na daan" na walang iba kundi ang pagtataguyod sa hegemonya ng US at pagsunod sa mga patakarang neoliberal na ipinapataw nito sa pamamagitan ng International Monetary Fund at dayuhang malalaking kapitalista.

Lalong pinag-aalab ng mga hakbanging ito ang poot ng sambayanan. Dumaragdag ang mga ito sa nag-uumapaw nang pagkasuklam ng taumbayan sa rehimeng Aquino dahil sa korapsyon sa usapin ng *pork barrel*, DAP at PPP; kriminal na pagpapabaya sa milyun-milyong biktima ng Yolanda, Pablo at mga bagyo at iba pang kalamidad; mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng brutal na gerang Oplan Bayanihan; mga demolisyon; pagtangging itaas ang sahod; pagtutol sa mga patakaran para sa pambansang industriyalisasyon; sa paghadlang sa reporma sa lupa at pamamahagi ng Hacienda Luisita; at maraming iba pang mga krimen at kasalanan sa bayan.



Hindi mapuksa-puksa ang init ng damdaming anti-Aquino ng sambayanan at ang pagnanais nilang wakasan sa lalong madaling panahon ang kanyang paghahari.

Sa harap ng kasagsagan ng eleksyon, ang galit ng sambayanan sa mga hakbanging ito ay sadyang naitutuon sa pagtakwil sa mga sinusuportahang kandidato ni Aquino. Binabatikos din nila ang ibang mga kandidatong hindi solidong nagtutulak ng dagdag na pensyon sa SSS, at yaong kumakatig sa EDCA o hindi nagpapahayag ng malinaw na paninindigan laban dito.

Dapat lalo pang palagablabin ng pambansa-demokratikong mga pwersa ang poot ng sambayanan laban kay Aquino. Dapat walang sawang pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan. Isulong ang pakikibaka para ibasura ang EDCA at iba pang tagibang na kasunduan atpara labanan ang presensya at panghihimasok ng militar ng US sa Pilipinas. Isulong ang mga pakikibaka para sa dagdag pensyon sa SSS, dagdag sahod at sweldo, katiyakan sa trabaho at iba pang hakbangin para sa kanilang kagalingan.

Dapat bigyang-pagkakataon na maipamalas nila ang kanilang masidhing galit kay Aquino. Dapat tuluy-tuloy nilang ilantad at itakwil ang rehimeng Aquino at walang sawa siyang singilin. Dapat patuloy na hikayatin ang sambayanang Pilipino na lumahok sa iba't ibang mga pagkilos upang ipahayag ang galit at magprotesta.

Dapat puspusang ipakita sa malawak na mamamayan na mayroon man o walang eleksyon, hawak nila ang tunay na kapangyarihan upang papanagutin si Aquino sa malalaking krimen niya sa bayan. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 2 | Enero 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*



## Nilalaman


**Editoryal:** Lalong pag-alabin ang poot ng bayan sa rehimeng Aquino 1
Pagtatayo ng mga base ng US 3
Protesta laban sa EDCA 4
Dagdag na pensyon, ipinagkait 4
Pandaraya sa eleksyon, tuloy na 5
Mga opensiba sa EV 6
Parangal kay Eduardo Serrano 6
Pamamaslang sa mamamahayag 7
Estudyanteng Lumad, pinaslang 7
Pamilihan ng sapi, bumulusok 8
Aquino, binatikos sa Davao 8
Welga ng mga duktor sa England 9
Ospital sa Yemen, binomba ng US 9
Libya, muling lulusubin ng NATO 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mga base militar ng US, paspasan nang itinatayo




Pinagtibay ng Korte Suprema ng reaksyunaryong estado noong Enero 12 ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) nang ibinasura nito ang petisyon ng mga makabayang personahe at organisasyon na humiling na ipawalambisa ito.

Sa botong 10-4-1, kinontra ng korte ang mga petisyong nagsabing ang EDCA ay isang tratado na dapat munang pagtibayin ng senado alinsunod sa konstitusyong 1987. Subalit hindi pinatungkulan ng korte ang mas sustantibong usapin ng pagtatayo ng mga base militar ng US na taliwas sa kasarinlan at mga probisyon ng naturang konstitusyon.

Sa desisyong ito, ipinamalas ng Korte Suprema na ito'y instrumento ng papet na estadong sunud-sunuran sa imperyalismong US. Bunga nito, inaasahang lalo pa ngayong papaspasan ang isinasagawa nang pagtatayo ng mga pasilidad na ipagagamit ng AFP sa militar ng US.

Sa ilalim ng EDCA, bibigyan ang militar ng US ng karapatan na magtayo ng iba't ibang pasilidad sa loob ng tinaguriang mga "agreed location" o mga napagkasunduang lugar sa loob ng mga kampo ng AFP. Magagamit ito ng US para magsilbing paliparan ng kanilang mga *jet fighter*, daungan ng mga submarino at barkong pandigma, imbakan para ipwesto ang mga suplay at kagamitang militar, at para sa pahingahan at aliwan ng mga tropang Amerikano pati na ang kanilang mga kinontratang pwersang panseguridad.

Gustuhin man o hindi, ang Pilipinas ay itatali sa anumang digmang ilulunsad o papasukin ng US. Ginagawa nitong target ang Pilipinas sa anumang ganting-salakay ng mga kaaway ng US. Sa gayon, lalo nitong pinahigpit ang dati nang katayuan ng bansa bilang utusan ng US sa internasyunal na komunidad.

Nakipagpirmahan si Aquino sa mga upisyal ng US noong 2014 upang ipansalubong ang EDCA sa pagdating noon ni Pres. Barack Obama ng US.

Hindi pa man pormal na inilabas ng Korte Suprema ang desisyon nito, tumulak na patungong US sina Foreign Affairs Secretary Albert del Rosario at Defense Secretary Voltaire Gazmin para mag-ulat kina State Secretary John Kerry at Defense Secretary Ashton Carter. Noon ding Enero 12, ginaganap ang tinaguriang Philippines-US 2+2 Ministerial Meeting sa Washington kung saan pinagkasunduan ng US at Pilipinas ang *implementing rules and regulations* (mga alituntunin sa pagpapatupad) ng EDCA para agad na itong magamit ng US.

Unang ginanap ang katulad na usapan noong 2012 kung saan isinaad ng US ang plano nitong magtayo ng mga pasilidad sa Subic Bay, Zambales, dating baseng nabal ng US, at iba pang lugar sa Pilipinas. Ngayon, minamadali ng US ang pagbubukas ng mga pasilidad dito upang magamit na sa ilalim ng EDCA.

Minamadali rin ng US ang naantala nang konstruksyon at pagpapagana ng kanilang mga base sa kabuuang walong "agreed location," kabilang ang Clark Airbase, na dati nitong base sa Pampanga. Ibubukas din ni Aquino ang sumusunod na kampo para sa gamit ng mga tropang Amerikano: Fort Magsaysay sa Nueva Ecija; Crow Valley sa Tarlac; Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga; Benito Ebuen Air Base sa Mactan, Cebu; Camp Lapu-Lapu, Cebu; Camp Macario Peralta sa Jamindan, Capiz; Naval Station San Miguel sa San Antonio, Zambales; Antonio Bautista Airbase, Puerto Princesa, Palawan; Lumbia Airfield sa Cagayan De Oro at Edwin Andrews Air Base sa Zamboanga City.

Kahit noong wala pa ang EDCA, tuluy-tuloy na ang paggamit ng militar ng US sa mga pasilidad sa Pilipinas. Noong 2015, dumaong nang 100 ulit ang mga barkong pandigma ng US sa Subic pa lamang. Nitong unang dalawang linggo ng 2016, magkasunod na dumaong dito ang tatlong submarinong nukleyar ng US—ang USS Texas noong Enero 5, ang USS Tucson noong Enero 6 at ang USS Topeka noong Enero 12. Mula Agosto 2015 ay limang submarinong nukleyar na ng US ang pumasok sa teritoryo ng Pilipinas.

Liban pa rito ang permanenteng presensya ng kanilang mga tropa sa ngalan ng mga pinagsanib na pagsasanay sa loob ng bansa. Gamit ang mga pasilidad saanmang dako ng bansa, sinasanay at ipinaiilalim ng US maging ang mga hukbo ng iba nitong tutang estado sa Asia sa ngalan ng "interoperability."

Bilang gantimpala kay Aquino sa pagtataguyod sa EDCA, naiulat na pinagtibay ni Obama noong Setyembre 2015 ang $300 milyong ayudang militar para pondohan ang diumano'y "modernisasyon" ng mga armas at mga pasilidad ng AFP. Bahagi ng naturang "modernisasyon" ang pagbili ng pinaglumaang mga

gamit-militar mula sa US at mga kaalyado nito, gayundin ang pagkukumpuni ng mga kampo ng AFP para sa gamit rin ng mga tropang Amerikano. Pangunahing pinagkukunan din ito ng pondo para sa korapsyon ng matataas na upisyal ng militar.

Sa kanyang pahayag matapos ang 2+2 Ministerial Meeting, ipinaalala rin ni Sec. Kerry ang mga nagawa na ng US kapalit ng EDCA. Kabilang dito ang pagpapatigil ng US sa mga pagsisiyasat sa kalagayan ng paggawa sa Pilipinas bilang rekisito sa pagpasok ng mga produktong Pilipino sa US nang walang buwis. Isinasagawa ang gayong pagsisiyasat sa ilalim ng Generalized System of Preference, isang sistemang ginagamit ng US pampresyur kapalit ng mga pabor sa militar at pulitika. Tinanggal na rin ang Pilipinas sa Special 301 Watch List on *intellectual property rights*. Pinayagan na ring muling makapag-opereyt ang mga eroplano patungong US. AB

## Protesta laban sa EDCA



MARIING tinuligsa ng mga progresibong organisasyon ang desisyon ng Korte Suprema na itaguyod ang ligalidad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) salungat sa mga inihaing petisyon na ipawalambisa ang kasunduan dahil labag ito sa konstitusyon.

Nagrali ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) sa harap ng Korte Suprema noong Enero 12 upang ipahayag ang patuloy na paglalantad at paglaban sa panghihimasok-militar ng US sa bansa. Iginiit ni Bayan Secretary General Renato Reyes na hindi solusyon ang EDCA upang salungatin ang banta ng China sa South China Sea. At dahil tulad din ito ng pagbabalik ng mga base militar ng US, tiyak umanong magreresulta ang EDCA sa mga "kasamaan sa lipunan."

Binatikos din ni Rep. Neri Colmenares ng Bayan Muna ang Korte Suprema. Aniya, palulubhain lamang ng EDCA ang tensyon sa pagitan ng China at Pilipinas. "Sa katunayan, ginagamit lang ng US ang alitan sa teritoryo upang ilipat ang kalahati ng pwersang militar nito sa Asia," dagdag ni Colmenares.

Hinimok naman ng Kabataan Partylist na manindigan ang Senado sa pusisyon nitong dapat sumailalim ang EDCA sa kanilang pag-apruba. Kaugnay nito, muling binuhay ni Sen. Miriam Defensor-Santiago ang panawagan nito na ipawalambisa na ang Visiting Forces Agreement (VFA). Aniya, labis na napinsala ang pambansang soberanya, gayundin ang karapatan at dignidad ng mamamayan sa loob ng 17 taon ng VFA. AB

# Dagdag na pensyon, ipinagkait ni Aquino

KABI-KABILA ang pagkundena ng iba't ibang sektor sa pagbasura ni Aquino sa panukalang-batas na nagbibigay ng karagdagang P2,000 sa buwanang tinatanggap ng mga pensyonado ng Social Security System (SSS). Ang pagbabasura ay ginawa ni Aquino noong Enero 12, dalawang araw bago nakatakda itong maging ganap na batas ng reaksyunaryong gubyerno.

Pangunahing itinulak ni Bayan Muna Rep. Neri Colmenares ang panukala sa kongreso. Itinatakda nito ang pagtataas ng pensyon ng mga nagtrabaho nang sampung taon mula P1,200 tungong P3,200 at sa mga nagtrabaho nang 20 taon mula P3,000 tungong P5,000. Umaabot sa 1.9 milyon ang mga pensyonado ng SSS.

Ayon kay Colmenares, matagal nang dapat dinagdagan ng SSS ang pensyon ng retirado nitong mga myembro. Ang P1,200 na itinakda noong 1997 ay nagkakahalaga lamang na P519 noong 2015 dulot ng nagtataasang presyo ng bilihin at singil sa serbisyo. Ang pensyong P3,000 naman ay nagkakahalaga na lamang na mahigit P1,000. Napakalayo nito sa P5,330 kada buwan na kinakailangan para mabuhay nang disente ang isang indibidwal. Hindi pa kasali rito ang mas malaking gastusin ng mga pensyonadong sakitin at nangangailangan ng regular na gamot.

Idinadahilan ni Aquino na masasaid diumano ang pondo ng SSS pagsapit ng 2029 kung isasabatas ang naturang panukala dahil hindi sasapat ang pondo nito. Ang totoo, ang mababang kuleksyon ng SSS ay bunga ng problema ng sistema nito sa pangungulekta at kainutilan nitong singilin at parusahan ang mga employer na hindi nagreremit ng mga kontribusyon ng kanilang mga manggagawa.

Dagdag dito, malaking pondo ng SSS ay napupunta sa iskandalosong mga sweldo at bonus na iginagawad ng matataas na upisyal nito sa kanilang mga sarili. Ang SSS ay isang institusyon na pinopondohan ng mga kontribusyon ng mga manggagawa mula sa pribadong sektor at pinangangasiwaan ng mga upisyal na itinatalaga ng nakaupong rehimen.

Noong Enero 13, 18 at 19, naglunsad ng mga rali ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Mendiola sa Maynila para kundenahin si Aquino. Nakiisa rin ang iba pang mambabatas kabilang ang ilang senador na nasa oposisyon. Nangako silang tuluy-tuloy na maglulunsad ng mga pagkilos para igiit ang dagdag na pensyon. Noong Enero 19, nanawagan sila para sa serye ng mga "Black Friday" o pagsusuot ng itim tuwing Biyernes. AB

Eleksyong 2016

# Bukas na ang daan para sa pandarayang elektroniko

Magkasunod ang desisyon ng Korte Suprema at ng Comelec na nagbibigay-daan sa muling pagsasalamangka ng eleksyon gamit ang de-kompyuter na pagbibilang ng boto. Sa pamamagitan nito, matitiyak ng pangkating Aquino at ng amo nitong imperyalismong US na mailuklok sa poder ang mga kandidatong magtataguyod sa kanilang mga interes.

Binalewala ng Comelec ang apela ng Automated Election System (AES) Watch para ibasura ang kontrata ng Smartmatic-TIM sa kabila ng alegasyong pag-aari ng dayuhan ang naturang kumpanya, bagay na labag sa reaksyonaryong saligang batas. Tinukoy rin ng AESWatch na nakasaad sa mga papeles ng Smartmatic-TIM noong 2010 na magtatapos ang buhay nito matapos ang halalan noong taon na iyon. Noong Disyembre 8, 2015, kinatigan ng Korte Suprema ang Comelec laban sa apela ng AESWatch.

Noong Disyembre 2015, matapos ihain ng AESWatch ang petisyon para sa diskwalipikasyon ng Smartmatic-TIM, isinumite nito sa Comelec ang bagong mga papeles na nagsasaad na iiral ito bilang isang kumpanya hanggang 2010 lamang. Sa gayon, lalabas na iligal ang paggamit ng Comelec sa serbisyo at mga makina nito sa halalan noong 2013.

Ginamit naman ng Korte Suprema sa pagbasura ng apela ang hindi paghamon ng AESWatch na alamin ang nasyunalidad ng mga indibidwal at kumpanyang nagmamay-ari at may sapi sa Smartmatic-TIM. Ang Smartmatic ay kumpanyang nagmula sa Venezuela. Kasalukuyan itong pinangunguluhan ni Lord Mark Malloch-Brown, *vice-chairman* ng Investment Fund (isang malaking ispekulador sa pinansya), dating bise-presidente ng World Bank at dati ring nakaupo sa gabinete ng United Kingdom.


Sa buong daigdig, mayroong 31 bansa, kabilang ang Germany, na tumalikod na sa de-kompyuter na eleksyon at bumalik sa manomanong pagbibilang. Sa ilalim ng AES, walang paraan na tiyaking tama ang pagbibilang ng boto, lalo't hindi isinasapubliko ang detalye ng programang ginagamit ng kompyuter sa pagbasa sa balota. Iginigiit ng ibang grupo na maaaring ipatupad ang kombinasyon ng manomanong pagbibilang ng boto at elektronikong transmisyon at pagtatala ng resulta.

Samantala, kinatigan ng Korte Suprema ang Comelec sa pagpapatupad ng Voter Verification System sa pamamagitan ng *biometrics* o ang pagtala ng litrato, *fingerprint* at iba pang elektronikong impormasyon.

Sa pagbasura ng apela ng Kabataan Partylist (KPL), itinaguyod ng Korte Suprema ang pakanang "no bio, no boto." Ito ay sa kabila nang mahigit anim na milyong dati at bagong botante ang hindi nakapagpatala ng kanilang *biometrics*.

Matapos ipagdiinan sa korte, inamin ng Comelec na hindi pa nito maipamamahagi ang bagong ID hanggang Oktubre 2016. Sa gayon, walang silbi ang *biometrics* sa araw ng botohan dahil wala itong paraan sa beripikasyon ng identidad ng botante. Lumalabas na binago lamang ng Comelec ang listahan ng mga botante para mas madali itong manipulahin.

Sa pamamagitan ng "no bio, no boto," tuluyan nang naalis sa tala ng mga botante ang mga nakatira sa liblib na mga lugar na hindi na nakaluwas sa mga kapitolyo para magparehistro at magpakuha ng kanilang *biometrics*.




**Bilyun-bilyong pisong gastos sa eleksyon**

Samantala, umabot na sa P2.3 bilyon ang ginastos ng mga kandidato sa pagkapangulo sa mga patalastas nila sa telebisyon bago pa nagtapos ang 2015. Dagdag pa rito ang gastos sa dyaryo at radyo. Pinakamalaki ang gastos na P744 milyon ng kandidato ng rehimeng US-Aquino na si Mar Roxas.


Walang ginawa ang Comelec sa harap nito sa kabila na mayroong batas na nagtatakda ng hangganan ng gastos. Inamin nito na walang magagawa ang batas dahil hindi pa umano makukunsiderang kandidato ang naghain ng *certificate of candidacy* noong Oktubre hanggang hindi pa nagsisimula ang kampanya sa Pebrero. AB

# Mga opensiba sa EV, tugon sa mga atake ng AFP

Koordinadong mga taktikal na opensiba ang naging tugon ng Bagong Hukbong Bayan-Eastern Visayas (BHB-EV) sa mga operasyong militar sa Samar. Limang taktikal na opensiba ang inilunsad ng mga yunit ng BHB sa rehiyon sa loob lamang ng limang araw noong Disyembre 18-22, 2015. Labingsiyam na sundalo ang patay at walo ang nasugatan sa mga opensibang ito.

Disyembre 18, 2015, alas-7:30 ng umaga, hinaras ng isang yunit ng BHB ang isang trak na lulan ang mga tropa ng 87th IB sa Madalunot, Pinabacdao, Western Samar. Apat na sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan. Alas-3:00 ng hapon, inisnayp ang mga tropa ng 87th IB sa Literon, Calbiga sa prubinsya ring ito. Isa ang napatay habang ang dalawang sugatan ay namatay bago makarating sa ospital. Alas-5 ng hapon, pinasabugan ng *command detonated landmine* ang isang trak at sasakyan ng Phil. Army Light Armored Regiment sa Borong, Calbiga. Walo ang napatay at apat ang nasugatan.

Noon namang Disyembre 21, tinambangan ang Charlie Coy ng 20th IB sa pagitan ng Barangay Bugay at Barangay Bukid, Las Navas, North Samar. Tatlo ang napatay, dalawa ang sugatan. Kinabukasan, alas-9 ng gabi, isang sundalo ng Coy HQ ng Bravo Company, 43rd IB ang napatay sa operasyong haras sa Barangay Erenas, San Jorge, West Samar.




Buong buwan ng Nobyembre hanggang magtigil-putukan noong Disyembre 23, 2015, tinambakan ng pwersa ng AFP at naglunsad ng masinsin at sustenidong operasyon sa mga bayan ng Pinabacdao, Calbiga, at Borongan. Ngunit pinatunayan ng mga taktikal na opensiba na ganap na kabiguan ang tanging patutunguhan ng Oplan Bayanihan. AB

---

# Eduardo Serrano: lider-rebolusyonaryo

Pinarangalan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB), National Democratic Front of the Philippines (NDFP), Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan (KRTK) at ng buong rebolusyonaryong kilusan si Kasamang Eduardo Serrano (Ka Eddik), 62, na pumanaw habang nakabilanggo noong Enero 8.




Anang PKP, pinananagot ng sambayanang Pilipino sina Benigno Aquino III at Gloria Arroyo at ang kanilang mga upisyal sa depensa at seguridad sa pagkamatay ni Ka Eddik.

Nagpugay naman ang KRTK kay Ka Eddik na "huwaran ang naging buhay at pakikibaka." Idinaos sa mga sonang gerilya ng rehiyon ang mga pulong-parangal bilang pagsaludo sa kanya. Bukod sa paglalahad ng naging buhay niya sa rebolusyon, sinariwa ng mga nakasama niya sa iba't ibang gawain ang kanilang mga alalala ng masayahin at palabirong kasama.

Binatikos ng NDFP ang rehimeng Aquino sa kawalang-puso nito na malayong-malayo sa mapagkalingang diwa ni Ka Eddik. Bilang pagkundena sa inhustisya, naglunsad ng limang araw na ayuno ang mga detenidong pulitikal sa Special Intensive Care Area at Taguig City Jail kapwa sa Camp Bagong Diwa, Bicutan at sa National Penitentiary sa Muntinlupa.

**Tunay na anak at bayani ng sambayanan**

Si Ka Eddik ay kagawad ng KTKR sa Timog Katagalugan, naging kalihim ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro at konsultant ng NDFP para sa usapang pangkapayapaan. Inilaan niya ang 44 na taon ng kanyang buhay upang isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka.

Panganay sa siyam na magkakapatid si Ka Eddik. Isinilang siya sa Oas, Albay noong Hunyo 20, 1953. Nagtapos siya ng elementarya at hayskul sa Naga Parochial School at nakapagkolehiyo sa National University sa Maynila noong 1970. Lumipat siya sa Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños (UPLB). Nang ipataw ang batas militar, muli siyang nag-aral sa Bicol University College of Agriculture. Makalipas ang isang semestre bumalik siya sa UPLB kung saan niya tinapos ang kursong Bachelor of Science in Agriculture Major in Animal Science.

Si Ka Eddik ay sumapi sa Kabataang Makabayan (KM) noong Abril 1971 at nahirang na pangalawang ta-

gapangulo ng balangay ng KM sa UPLB mula Enero 1972 hanggang sa pagdeklara ng batas militar. Nag-aral din siya sa Copenhagen, Denmark noong 1978-1979. Nang makabalik sa bansa, tumugon siya sa panawagan para sa mga kadre at kasapi ng Partido at mga aktibistang masa na kumilos nang buong panahon noong 1980.

Una siyang kumilos sa hanay ng masang magsasaka at BHB sa hangganan ng Quezon at Bikol. Noong 1983, ipinadala siya sa isla ng Mindoro. Doon siya nakilala ng masa at mga kasama bilang si Ka Juan, Makling, Eska at Vocag. Walang pagod siyang kumilos bilang manggagawang pangkultura, artista, manunula at manunulat ng *Kalatas*, ang rebolusyonaryong pahayagang pangmasa ng Timog Katagalugan.

Inaresto siya noong Mayo 2, 2004 sa kabila ng hawak niyang Dokumento ng Pagkakakilanlan na nagsasaad na siya'y konsultant sa usapang pangkapayapaan. Sinampahan siya ng mga gawa-gawang kasong kriminal. Wala ni isa sa mga bintang laban sa kanya ang napatunayan ng reaksyunaryong estado. Habang iniutos ng korte ang pagpapalaya sa kanya, patuloy siyang mabibimbin dahil sa karagdagang mga kasong ipinapatong sa kanya.

Umabot sa 11 taong nakakulong si Ka Eddik, isa sa pinakamatagal sa kasaysayan ng Pilipinas.

Sa kulungan, lumahok siya sa pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal. Inatake siya sa puso noong Disyembre 16, 2015. Tuluyan siyang pumanaw noong umaga ng Enero 8 sa Philippine Heart Center.

**Mga parangal at pagkilos**

Nagdaos din ng mga parangal para kay Ka Eddik sa kalunsuran. Sa UPLB, idinaos ng 500 mag-aaral noong Enero 12 ang parangal sa Baker's Hall. Nasa 200 naman ang dumalo sa pulong-parangal na idinaos sa University of the Philippines-Diliman noong Enero 10.

Samantala, nagprotesta ang mga myembro ng Anakbayan, League of Filipino Students at Karapatan sa upisina ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process sa Ortigas, Pasig, noong Enero 15. Binatikos nila ang gubyernong Aquino sa panggigipit sa mga konsultant ng NDFP, laluna sa kaso ni Ka Eddik na humantong sa kanyang pagkamatay.

Nagpahayag din ng kundenasyon ang Bagong Alyansang Makabayan, Anakpawis, Karapatan at iba pang pambansa-demokratiko at progresibong organisasyon. Samantala, nagpaabot ng pagsaludo ang grupong Samidoun Palestinian Prisoner Solidarity Network kay Ka Eddik bilang lider magsasaka at martir na bilanggong pulitikal. AB

## Pamamaslang at panggigipit sa mga mamamahayag, binatikos

BINATIKOS ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang nagpapatuloy na pamamaslang at panggigipit sa mga mamamahayag sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Sa nakaraan, hindi itinuring ng organisasyon ang reaksyunaryong gubyerno na nasa likod ng mga pamamaslang.

Nagbago ang pananaw ng organisasyon dulot ng pinakahuling kaso ng panggigipit ng militar sa mga mamamahayag na aktibong nagbabalita sa mga kampanyang anti-pasista ng mamamayan. Sa partikular, ikinagalit ng NUJP ang kampanya ng militar para gipitin, siraan at pagbantaan si Inday Espina-Varona, dating tagapangulo nito, sa gitna ng kanyang pagbubunyag sa brutalidad at krimen ng militar sa mga komunidad ng Lumad.



Noon namang Disyembre 2015, pinagbantaan ng Magahat-Bagani, isang grupong paramilitar na direktang hawak ng AFP, ang mga mamamahayag na nakatakdang dumalo sa selebrasyon ng anibersaryo ng Partido sa Northeast Mindanao. Malinaw, ayon sa NUJP, na ang mga pagbabantang ito ay bahagi ng sistematikong atake sa kalayaan sa pamamahayag at pagpapahayag.

Bago pa nito, marami na ang mga kaso ng pamamaslang sa mga taga-midya na binalewala lamang ng rehimen. Laganap din ang panggigipit sa iba pa nilang karapatan at kagalingan, tulad ng kontraktwalisasyon, mababang pasahod at pambubuwag ng kanilang mga unyon.

Sa buong panunungkulan ni Aquino, umaabot sa 30 mamamahayag ang pinaslang dahil sa kanilang propesyon. AB

### Estudyanteng Lumad, pinatay ng paramilitar

ISANG estudyanteng Lumad ang pinatay ng mga tauhan ng Alamara, isang grupong paramilitar, sa Sityo Laslasakan, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte noong Enero 17. Ang Alamara ay nakapailalim sa kontrol ng 68th IB.

Binaril ni Joven Salangani ng Alamara si Alibando Tingkas, estudyante sa Grade 3 ng eskwelahan ng Salugpongan. Naglalakad noon si Tingkas, kasama ang dalawa pa, papunta sa Laslasakan nang pagbabarilin sila ng salarin. Nagtamo ng dalawang tama sa dibdib si Tingkas na agad niyang ikinamatay.

Mariing kinundena ng Save Our Schools Network ang pinakahuling brutalidad ng militar. Ayon sa SOS, si Tingkas ang ika-29 batang pinaslang sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino.

Sa kaugnay na balita, iniulat ng mga guro ng Salugpongan sa Talaingod na nakatatanggap sila ng mga pagbabanta mula sa Alamara. AB

Gumuguhong ilusyon

# Pamilihan ng sapi, bumulusok

Mabilis na gumuguho ang ilusyon ng lumalagong ekonomya sa Pilipinas sa pagbulusok ng Philippine Stock Exchange Index (PSEi) nitong nakaraang linggo, kasabay ng pagsadsad rin ng iba't ibang mga pamilihan ng sapi sa iba't ibang bansa mula pagbukas ng 2016.

Dumausdos nang 9.57% ang PSEi sa loob lamang ng isang linggo noong Enero 11. Ito ang pinakamabilis na pagdausdos mula nang bumagsak nang 6.7% ang PSEi noong Agosto 24, 2015.

Kabilang sa pinakamalaking bumagsak ay ang Bloombery Resorts Corp. (dumausdos nang 23% o P11.34 billion ang halaga ng sapi) at International Container Terminal Services Inc. (17.5% o P25 bilyon), kapwa kontrolado ni Enrique Razon; at ang SM Investments Corp (11% o P75.8 bilyon) ni Henry Sy.

Sumadsad rin ang mga sapi ng Ayala Corporation (12% o P412 billion); ang Lopez Holding (12%); ang Alliance Global Group (9.3% o P8.6 billion) at Megaworld (P23.5 bilyong pagdausdos) ni Andrew Tan; at Vista Land and Lifescapes (10.8% o P7 bilyon) ni Manny Villar.

Bumagsak na nang 22.71% o P2.93 trilyon ang PSEi mula sa inabot nitong 8,136 punto noong Abril 7, 2015 tungong 6,288 punto nitong Enero 11. Malaking dagok ito sa ipinangangalandakan ni Aquino noong nakaraang taon na patungo na ang PSEi sa 10,000 punto.

Ang pagbulusok ng PSEi ay ibinunsod pangunahin ng malakihang paglabas ng puhunang *portfolio* (labas-masok na dayong kapital na tinatawag ring *hot money*). Noong 2015, umabot sa $600 milyon ang lumabas na *hot money*, 93% na mas malaki kaysa $310 milyong lumabas noong 2014. Tatlong ulit itong mas malaki kaysa target ng mga upisyal ni Aquino na $200 milyon lamang.

Noong 2014, sa kabuuang $22 bilyong dayuhang puhunang pumasok sa ekonomya, mahigit 70% o $15.6 bilyon ang *hot money* na lumilikha ng ilusyon ng paglago ng GDP. Halos 80% ng pumapasok na *hot money* ay napupunta sa PSE. Pinalalaki nito ang halaga ng mga sapi ngunit mabilis na binabawi anumang oras para makuha ang dibidendo o kita.

Hungkag at pansamantala ang "paglago" na hatid ng malaking pasok ng *hot money*. Wala itong idinudulot na matagalang katatagan sa ekonomya. Hindi ito nag-aambag sa pagpupundar ng industriya o pagpapalakas ng manupaktura at paglikha ng halaga.

Ang malakihang paglabas ng *hot money* at ibinunsod nitong pagdausdos ng PSEi sa unang linggo ng mga transaksyon ngayong taon ay kasabay rin ng pagdausdos ng mga pamilihan ng sapi sa iba't ibang panig ng mundo. Kasunod ito ng paglabas ng mga datos ng patuloy na humihinang ekonomya ng China.

Kabilang sa mga inilabas na datos ay ang 8% pagbagsak ng kalakalang panlabas ng China noong 2015, malayo sa unang target nitong 6% paglawak. Tinatayang lalago lamang nang 6.5% ang ekonomya ng China ngayong taon, pinakamababa sa nakaraang 25 taon. Ang pagbagal ng ekonomya ng China, na nagsilbing pinakamalaking makina sa pandaigdigang produksyon at kalakalan, ay nagbabantang magbunsod ng lalo pang paglala ng depresyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. *(Abangan sa susunod na isyu.)* AB




## Aquino, binatikos sa pagpapasinaya sa Davao *coal-fired power plant*

BINATIKOS ng mamamayan ang personal na pagpapasinaya ni Benigno S. Aquino III sa Therma South Incorporated (TSI), isa sa pinakamalalaking *coal-fired power plant* sa Mindanao, noong Enero 8. Ilang linggo lamang ito matapos ibida niya ang kanyang sarili sa Paris, France bilang tagapagtaguyod ng kalikasan at laban sa *carbon emission*.

Ang operasyon ng TSI ay tinututulan ng mga residente sa lugar, pati na ng mga syentista, dahil nakapipinsala ito kapwa sa kalusugan ng mamamayan at sa kapaligiran. Kinundena nila ang rehimeng US-Aquino sa pagiging ipokrito sa pagbubukas ng TSI matapos ideklarang babawasan ang ibinubugang *carbon* sa Pilipinas. Binatikos din ang pribatisasyon ng industriya ng paglikha ng kuryente.

Ang TSI ay nakatayo sa Barangay Binugao, Toril, Davao City. Pag-aari ito ng Aboitiz Power Corporation (AboitizPower), ng pamilyang Aboitiz, isa sa pinakamalalaking kumprador na pinaburan ng rehimeng US-Aquino. Mayroon itong dalawang *power generator* na may kapasidad na 300 megawat (MW). Sinimulan ang pagtatayo ng P35-bilyong planta noong 2012 at nagsimula nang mag-opereyt ang Unit 1 nito noong Setyembre 2015. Planong simulan ang operasyon ng Unit 2 sa Pebrero.

Sa ngayon, sinusuplayan ng TSI ang 20 kooperatiba ng kuryente sa mga syudad ng Cagayan de Oro, General Santos, Zamboanga, Butuan, Kidapawan, Tagum, Koronadal, Digos, Pagadian at Cotabato. Mahigit 100 MW nito ang nakakontrata sa Davao Light and Power Company, na isa ring subsidyaryo ng AboitizPower.

Pinalalabas ng rehimen na pangmatagalang solusyon

ang planta sa kakulangan ng kuryente sa Mindanao. Ang totoo, hindi nito pinaunlad at hinayaang mabulok ang dalawang *hydroelectric dam complex* na hawak ng estado, habang malaking suplay naman ang hinihigop ng malalaking korporasyong dayuhan at malaking burgesya kumprador. Ang sinasabing krisis sa kuryente ay isang pakana ng rehimeng US-Aquino para bigyang-matwid ang tuwirang pribatisasyon ng industriya ng paglikha ng kuryente sa isla.

Kung pagsasama-samahin, mahigit 2,000 MW ang kapasidad ng mga plantang de-karbon ng mga AboitizPower. Kasama rito ang mga plantang nakatakdang itayo sa Subic, Zambales, sa Pagbilao, Quezon, at sa Toledo City, Cebu. May kapasidad itong magbuga ng mahigit 13 milyong toneladang CO2 o nakalalasong hangin sa himpapawid. Ang *coal-fired power plant* ay itinuturing na pinakamaruming paraan ng paglikha ng kuryente. Ipinagbabawal na ito sa maraming bansa.

Ayon sa Advocates of Science and Technology for the People o AGHAM, ang plano ng rehimen na magtayo ng 28 *coal-fired power plant* sa susunod na tatlong taon at dagdag na 32 hanggang 2020 ay patunay ng kahungkagan ng mga pangako ni Aquino sa kumperensya sa Paris noong Disyembre tungkol sa pagbabago sa klima.

Nagpahayag din ng pagtutol ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines sa pagtatayo ng bagong mga planta at pagbibigay ng mga permiso sa mga nagmimina ng *coal*.

Maliban sa mga Aboitiz, nakatakdang magbukas ng mga plantang de-karbon ang iba pang malalaking burgesya kumprador tulad ni Eduardo Cojuangco at ang pamilyang Sy. Planong buksan ngayong taon ang 100 MW na planta ng Sarangani Energy Corporation sa Maasim, Sarangani at dalawang planta ng San Miguel Power Corporation na may kapasidad na 150 MW bawat isa. AB

Laban sa neoliberal na pagtitipid

## Welga ng mga duktor sa England, inilunsad

HALOS paralisado ang operasyon ng mga ospital sa England nang maglunsad ng 24 na oras na welga ang mga *junior* o nakababatang duktor mula alas-8 ng umaga noong Enero 11. Ito ay isa sa pinakahuling pagkilos laban sa patuloy na pagpataw ng patakarang pagtitipid ng mga gubyerno sa Europe sa harap ng ekonomyang di-makabangon-bangon sa krisis.

Iniulat ng National Health Service (NHS) sa England na 10,000 duktor lamang sa nakatakdang 26,000 ang pumasok sa mga ospital. Humigit-kumulang 3,300 mga operasyong medikal ang ipinagpaliban. Ipinagpaliban din ang 4,000 pangkaraniwang panggagamot, tsekap at pagsusuri. Ang mga serbisyong pang-emerhensya lamang at mga prosesong agaw-buhay tulad ng *dialysis* ang ipinagpatuloy.

Nagwelga ang mga duktor nang hindi magkasundo ang British Medical Association (BMA) at ang gubyerno sa bago nilang kontrata. Iginigiit ng gubyerno na kulang ang pondo nito para sa dagdag-sweldo dahil sa programang pagtitipid ng estado.


Huling bahagi pa ng 2014 naputol ang usapan sa kontrata, ngunit sumiklab ang welga matapos inianunsyo ng gubyerno na ipatutupad nila ang lumang kontrata kahit hindi napagkasunduan.

Kung walang maabot na bagong kasunduan, balak ng BMA na maglunsad ng 2-araw na welga mula Enero 26 na magbibigay pa rin ng serbisyong emerhensya, at isang pangkalahatang welga sa Pebrero 10 kung saan hindi sila magbibigay kahit ng serbisyo sa emerhensya.

Sa mahigit 55,000 *junior* na duktor sa England, 37,000 ang kasapi ng BMA. Ang itinuturing na nakababata o *junior* na duktor ay yaong sampung taon pa lamang sa propesyon. Nagtatrabaho sila sa gubyerno dahil pampubliko ang kalakhan ng sistemang pangkalusugan dito. Ang England ang pinakamalaking bahagi ng United Kingdom. AB

## Ospital sa Yemen, binomba ng koalisyong US-Saudi

MAHIGIT lima ang patay sa atake ng misayl ng koalisyong pinamumunuan ng Saudi Arabia noong Enero 10 sa isang ospital sa Yemen. Nawasak ang ilang gusali ng Shiara Hospital, isang pasilidad na pinamamahalaan ng makataong ahensyang Medecins Sans Frontieres (Doctors Without Borders o MSF). Hindi bababa sa sampu ang sugatan at ilan pa ang tinatayang namatay sa ilalim ng mga guho.




Binatikos ng MSF ang pang-aatake sa kanilang ospital. Anito, alam ng Saudi Arabia ang lokasyon ng kanilang mga pasilidad dahil ipinagbibigay-alam nila ang mga koordineyt (lokasyon sa mapa) nito. Anim na beses tinarget ng mga eroplanong Saudi ang ospital. Noong nakaraang buwan, binomba rin ang klinika ng MSF sa Taez, southwest Yemen na ikinasugat ng siyam katao. Binomba rin ang isang ospital ng MSF

noong Oktubre 2015 sa prubinsya ng Saada.

Mula Marso 2015, walang awat ang pambobomba sa Yemen ng mga jetfighter ng Saudi Arabia at koalisyon ng mga bansang kinabibilangan ng Bahrain, United Arab Emirates, Egypt, Jordan, Kuwait, Morocco, Sudan at Qatar. Ang gubyernong US ang nagpopondo, nag-aarmas at nagsasanay sa koalisyong ito.

Tinatayang mahigit 5,800 na ang napatay at 5,200 ang sugatan sa Yemen bunga ng pambobomba ng koalisyong US-Saudi. Kalahati sa mga biktima ay mga sibilyan. Halos lahat ng mga nasirang gusali ay yaong may gamit-sibilyan tulad ng mga simbahan, ospital at paaralan.

Layunin ng pambobomba sa Yemen ang muling iluklok ang dating presidenteng si Abd Rabbuh Mansur Hadi na papet ng US. Noong Setyembre 2014, napatalsik ang gubyernong Hadi matapos nasakop ng mga armadong milisyang Houthi ang malaking bahagi ng kanlurang Yemen, kabilang ang kapitolyong Sanaa. Ang mga Houthi ay isang minoryang grupong Shia (isang sektang Muslim).

Nagdeklara si Hadi ng sariling prubisyunal na gubyerno sa katimugang bahagi ng Aden. Tuluyan siyang napatalsik noong Marso 2015 matapos lusubin ng mga Houthi ang katimugang syudad ng Aden.

Noong Enero 7, binomba ng Saudi Arabia ang embahada ng Iran sa Sanaa. Labag ito sa mga internasyunal na alituntunin na nagtitiyak sa kaligtasan ng mga diplomatikong istruktura sa lahat ng sitwasyon.

Bago nito, pinaigting ng Saudi Arabia ang tunggalian sa pagitan nito at ng Iran nang pugutan nito ang isang kilalang klerikong Muslim na Shia na may mahigpit na relasyon sa Iran at 46 sa kanyang mga tagasunod. Nagresulta ito sa pagputol ng relasyong diplomatiko sa pagitan ng dalawang bansa.

---

Kontrol sa langis

# Libya, muling lulusubin ng mga pwersang NATO


Muling lulusubin ng mga pwersa ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) ang Libya ngayong Enero, batay sa pahayag ng United Kingdom para gapiin diumano ang ISIS (kilala rin bilang IS, ISIL o Daesh) na nakabase sa silangang bahagi ng bansa. Ipinahayag ng United Kingdom noong Enero 5 ang pagtatalaga nito ng 1,000 tropang Special Forces (SAS) sa Libya upang pangunahan ang 6,000 tropang pwersa ng NATO na lalaban diumano sa ISIS.

Ang Italy, dating kolonyal na mananakop ng Libya, ang bubuo ng mayorya ng tropa, kasama ng ilang tropang Amerikano at French, at armado ng mga kagamitang pandigma ng US. Walang awtorisasyon ito ng alinmang gubyerno sa Libya o ng Security Council ng UN, kayat malinaw na ito ay paglusob.

Ang paglusob na ito sa Libya ay bahagi ng pag-uunahan ng mga imperyalistang bansang kabilang sa NATO na kontrolin ang pinakamalaking bahagi ng langis ng Libya.

Ang Libya ang isa sa pinakamalalawak na bansa sa buong Africa. Dahil sa napakalaking reserba ng langis, ito ang pinakamaunlad na bansa ng Africa bago sakupin ng magkasanib na pwersa ng US at France noong 2011 at ibinagsak ang anti-imperyalistang gubyerno ni Muammar Gaddafi.

Pinag-iinteresan ng mga imperyalistang bansa ang kontrol sa langis nito na maliban sa napakarami ay madaling ibyahe patungo sa Europe at ibang bansa. Katapat lang ng Libya ang Italy sa kabila ng Mediterranean Sea. Kahanay nito sa tabi ng nasabing dagat ang Egypt at Saudi Arabia, mga bansang mayaman rin sa langis na kontrolado na ng imperyalismong US.



Upang mapanghawakan ang langis ng Libya, idinadahilan ng US ang pagtugis sa ISIS na nakapusisyon sa Sirte, ang tarangkahan sa ilang pangunahing mina at repinerya ng langis. Gayunpaman, hindi lihim na ang ISIS ay nilikha at hanggang ngayo'y ginagamit ng US, sa kabila ng sinasabing gera laban dito sa Syria.

Ipinahahayag ng mga pwersang NATO na layunin diumano ng paglusob sa Libya ang depensahan ang repinerya ng langis sa Marsa al Brega, ang pinakamalaking repinerya sa North Africa. Target diumano ito ng ISIS at kung mahawaka'y magbibigay sa kanila ng malaking kontrol sa buong industriya ng langis sa Libya.



Maliban sa ISIS, dalawang magkaribal na gubyerno ang nakatayo sa Libya, isa sa Tobruk at isa sa Tripoli. Sumang-ayon ang mga gubyernong ito na magkasundo, ngunit ang itinayo ng UN na "gubyerno ng pambansang pagkakaisa" noong Disyembre 17, 2015, ay hindi pa rin nakapupwesto.

Bahagi ito ng plano ng US at NATO na lubos na ipailalim ang Libya sa kontrol nito habang pinaghahati-hatian ang rekursong langis ng bansa. Nagsisilbi maging ang presensya ng ISIS dito na isinasangkalan ngayon ng NATO para magpadala ng mga tropa sa loob ng bansa.